

**MGA TAGUBILIN PARA SA MGA PORMULARYO SA
PAGPAPAUBAYA NG SINGIL**

Form FW 001: Kahilingan upang Ipaubaya ang mga Singil ng Korte

Sa unang pahina, kumpletuhin ang mga kahon sa kanang bahagi ng pahina ayon sa sumusunod:

1. Pangalawang kahon, kanang bahagi: Isulat ang County at ang Address ng Korte Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
2. Ikatlong kahon, kanang bahagi: Isulat ang numero ng kaso. Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
3. Ika-apat na kahon, kanang bahagi: Isulat ang pangalan ng kaso. Ang pangalan ng kaso ay pangalan ng landlord versus pangalan ng nangunupahan.

Sa unang pahina, kumpletuhin ang mga item 1 hanggang 6 ayon sa sumusunod:

1. Item 1: Isulat ang iyong pangalan, address, at numero ng telepono
2. Item 2: Kung ikaw ay nagtatrabaho, isulat ang titulo ng iyong trabaho, pangalan ng employer, at address ng employer
3. Item 3: Kung wala kang abogado, isulat “kumakatawan sa sarili” (self-represented) o iwanang blangko.
4. Item 4: I-tsek ang unang kahon sunod sa “Kataas-taasang Hukuman”
5. Item 5: I-tsek ang Kahon A, Kahon B, o Kahon C. Mag-tsek lamang ng isa sa tatlo.
 - a. I-tsek ang Kahon A kung tumatanggap ka ng alinman sa mga nakalistang pampublikong benepisyo. Tiyaking na-tsek mo ang kahon sunod sa mga pampublikong benepisyo na iyong tinatanggap.
 - b. I-tsek ang Kahon B kung hindi ka tumatanggap ng alinman sa mga pampublikong mga benepisyo nakalista sa itaas sa tabi ng Kahon A AT kung ang iyong buwanang kita sa sambahayan ay katumbas sa o mas mababa sa halagang nakalista. Kung nag-tsek ka ng kahong ito, dapat mong punan ang mga Item 7, 8, at 9 sa pangalawang pahina.
 - c. I-tsek ang Kahon C kung hindi ka nabibilang sa ilalim ng Kahon A o Kahon B. Kung nag-tsek ka ng kahong ito, dapat mong punan ang buong pangalawang pahina.

6. Item 6: I-tsek ang kahong ito kung hiniling mo sa korte na ipaubaya ang mga singil ng korte sa nakaraang 6 na buwan.

Sa unang pahina, isulat ang petsa, isulat ang iyong pangalan, at pirmahan sa ibaba.

Sa pangalawang pahina, isulat ang iyong pangalan at numero ng kaso sa itaas.

Kumpletuhin lamang ang natitirang bahagi ng pangalawang pahina kung minarkahan mo ang Kahon 5(b) at Kahon 5(c) sa unang pahina.

1. kung minarkahan mo ang Kahon 5(b) sa unang pahina, punan ang mga Item 7, 8, at 9. Dito mo ilalagay ang buwanang kita ng iyong samabahayan.
2. Kung minarkahan mo ang 5(c) sa unang pahina, dapat mong punan ang buong pangalawang pahina. Dito mo ilalagay ang buwanang kita ng iyong sambahayan, ang pera at pag-aari na pagmamay-ari ng iyong sambahayan, at buwanang mga pagbabawas ng iyong sambahayan at mga gastos.

Form FW 002: Kahilingan upang Ipaubaya ang Karagdagang mga Singil ng Korte

Tandaan: Dapat mong kumpletuhin at isumite ang pormularyong ito kung ikaw ay humihiling ng paglilitis sa hurado.

Kumpletuhin ang mga kahon sa kanang bahagi ng pahina ayon sa sumusunod:

1. Pangalawang kahon, kanang bahagi: Isulat ang County at ang Address ng Korte Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
2. Ikatlong kahon, kanang bahagi: Isulat ang numero ng Kaso. Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
3. Ika-apat na kahon, kanang bahagi: Isulat ang pangalan ng kaso. Ang pangalan ng kaso ay pangalan ng landlord versus pangalan ng nangunupahan.

Kumpletuhin ang mga item 1 hanggang 6 ayon sa sumusunod:

1. Item 1: Isulat ang iyong pangalan, address, at numero ng telepono
2. Item 2: Kung wala kang abogado, isulat “kumakatawan sa sarili” (self-represented) o iwanang blangko.
3. Item 3: Isulat ang petsa ng iyong pinakahuling kahilingan sa pagpapaubaya ng singil na ipinagkaloob ng korte. Iwanang blangko kung wala.
4. Item 4: I-tsek lamang ang kahon na naaangkop sa iyo kung hiniling mo ang pagpapaubaya ng singil ng korte kamakailan.
5. Item 5: I-tsek ang bawat kahon kung saan gusto mong ipaubaya ng korte. I-tsek ang unang kahon na “mga singil at gastos ng hurado,” (Jury fees and expenses) kung ikaw ay humihiling ng paglilitis sa hurado.
6. Item 6: Ipaliwanag kung bakit mo kailangan ng mga serbisyong ito.

Isulat ang petsa, isulat ang iyong pangalan, at pirmahan sa ibaba.

Form FW 003: Kautausan sa Pagpapaubaya ng Singil ng Korte

Kumpletuhin ang mga kahon sa kanang bahagi ng pahina ayon sa sumusunod:

1. Pangalawang kahon, kanang bahagi: Isulat ang County at ang Address ng Korte Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
2. Ikatlong kahon, kanang bahagi: Isulat ang numero ng Kaso. Makikita ang impormasyong ito sa Patawag at Reklamo ng demanda.
3. Ika-apat na kahon, kanang bahagi: Isulat ang pangalan ng kaso. Ang pangalan ng kaso ay pangalan ng landlord versus pangalan ng nangunupahan.

Kumpletuhin ang mga Item 1 at 2 ayon sa sumusunod:

1. Item 1: Isulat ang iyong pangalan at address
2. Item 2: Kung wala kang abogado, isulat “kumakatawan sa sarili” (self-represented) o iwanang blangko.

Sa pangalawa at pangatlong pahina, isulat ang iyong pangalan at numero ng kaso sa itaas ng mga pahina.

Huwag punan ang anumang iba pa sa pormularyong ito. Pupunan ng korte ang natitirang bahagi.